Pagsusuri para sa colon cancer gamit ang Cologuard® na pagsubok



cologuard®
by EXACT SCIENCES

Ang Cologuard test ay inilalaan para suriin ng mga nasa hustong gulang na 45 taong gulang at mas matandang nasa karaniwang panganib para sa colorectal na kanser. Rx only.

Pakitingnan ang Mahalagang Impormasyon sa Panganib sa likod ng polyetong ito.

Kontrolin ang iyong kalusugan sa pamamagitan ng pagsusuri para sa kanser sa colon

Ang kanser sa colon ay nananatiling pinaka-maiiwasan pero hindi naiiwasang uri ng kanser.[1] Maaaring magbago iyon sa mas regular na pagsusuri.

9/10

Kapag nahuli sa maaagang yugto, 9 sa 10 tao ang makakaligtas sa kanser sa colon.[2*]

Maraming taong may maagang yugtong kanser sa colon ang walang sintomas o kasaysayan sa pamilya.[3]

Ang kanser sa colon ay ang pangatlo sa pinakakaraniwang kanser sa mga lalaki at mga babae.[4]

Inirerekomenda ng American Cancer Society na simulan mo ang pagsusuri sa edad na 45 taong gulang.[5]

*Batay sa 5-taong kaligtasan.

Inuunawa sa iyong resulta

Kapag natanggap ng aming lab ang sample mo, karaniwang tumatagal ito ng humigit-kumulang 2 linggo para makuha ang iyong resulta.

Magiging negatibo o positibo ang iyong resulta.

Negatibo: Ang negatibong resulta ay nangangahulugang ang pagsusuri ay hindi nakakita ng binagong DNA at/o dugo sa iyong dumi. Malamang na hindi ka magkaroon ng kanser sa colon o advanced na precancer. Inirerekomenda ng mga alituntuning suriin muli 3 taon pagkatapos ng negatibong resulta ng Cologuard.[5]

Positibo: Ang isang positibong resulta ay nangangahulugang ang pagsusuri ay nakakita ng binagong DNA at/o dugo sa iyong dumi. Hindi ito dyagnosis ng kanser. Kung positibo ang iyong resulta, kausapin ang tagapgtustos mo at magpa-colonoscopy.

Nangyayari ang mga maling positibo at negatibo.

Karamihan sa mga planong pangkalusugan ay sumasaklaw sa colonoscopy kasunod ng positibong resulta ng Cologuard bilang bahagi ng pag-iiwas na pangangalaga at pagsusuri.

Gusto ng higit pang impormasyon tungkol sa mga resulta?

Panoorin ang mga video namin at matuto nang higit pa sa **Cologuard.com/UnderstandingResults**

Ang Cologuard test ay madaling gamitin at abot-kaya

Mahigit sa 96% ng mga tao ay nagbabayad ng $0.*

Ang Cologuard na pagsubok ay saklaw ng Medicare at karamihan sa mga pangunahing tagaseguro.

Matutulungan ka rin naming makipag-ugnayan sa iyong tagaseguro para itanong ang mga tamang tanong tungkol sa saklaw. Makipag-ugnayan sa amin sa +1 844-870-8870.



Susuportahan ka namin

Matuto nang higit pa tungkol sa saklaw ng insurance sa **Cologuard.com/Insurance**

*Ang pagtatantya ng Exact Sciences ay batay sa makasaysayang pagsingil ng pasyente. Ang kabayaran ng saklaw ay nag-iiba ayon sa estado at rehiyon. Maaaring maglapat ng mga pagbubukod para sa saklaw; ang iyong insurer lang ang pwedeng magkumpirma kung paano sasaklawin ang Cologuard test.

Tanggalin itong paalala tungkol sa Cologuard kit mo

Magtakda ng layunin para kumpletuhin ang kit mo. Isulat ito sa ibaba at ilagay ito sa isang lugar kung saan karaniwan mong tinatago ang mga paalala.

Kailangan ng tulong?
Bisitahin ang **Cologuard.com** o tumawag sa Customer Care sa **+1 844-870-8870**, araw-araw, 6 AM hanggang 10 PM CT.

Ang layunin ko sa pagbabalik ng Cologuard kit:
Tip: Itakda ito sa loob ng dalawang linggo pagkatapos makuha ang kit mo

Hindi mapang-himasok na pagsusuri, ginawa sa paraan mo

Pagsusuri sa Cologuard sa 3 hakbang lang:

1. I-set up
Ipapadala sa iyo ang Cologuard kit mo at darating kasama ang lahat ng tagubiling kailangan mo.

2. Sample
Mangolekta ng sample sa pagkapribado ng tahanan mo. Tumatagal lang ito ng ilang minuto.

3. Ipadala
Pagkatapos mong kolektahin ang iyong sample, ibalik ang kit sa UPS® o mag-iskedyul ng pickup.

Gusto mo bang makakita ng higit pa?
Panoorin ang video namin kung paano gamitin sa **Cologuard.com/Use**

Pinapadala ang Cologuard kit mo

Gamitin ang nabayad na UPS na tatak para ipadala ang kit pabalik sa Exact Sciences Laboratories sa parehong araw na mangolekta ka ng sample, o sa araw pagkatapos ng koleksyon.

Tiyaking hindi maaantala ng Linggo o piyesta opisyal ang pagbalik ng sample mo

Pwede kang pumili mula sa 2 walang bayad na opsyon sa pagbabalik:

1. Dalhin ang kit sa UPS. Bisitahin ang **Cologuard.com/UPS** para makahanap ng mga lokal na opsyon at oras para sa drop-off.
2. Mag-iskedyul ng libreng UPS na pag-pickup sa bahay sa online sa **Cologuard.com/UPS** o tumawag sa **+1 844-870-8870** para sa tulong.

Mga Indikasyon at Mahalagang Impormasyon sa Panganib

Ang Cologuard test ay inilalaan para suriin ng mga nasa hustong gulang na 45 taong gulang at mas matandang nasa karaniwang panganib para sa colorectal na kanser. Huwag gamitin ang Cologuard test kung nagkaroon ka ng mga adenoma, sakit na pamamaga ng bituka at ilang namamanang sindrom, o personal o pampamilyang kasaysayan ng colorectal na kanser. Ang Cologuard test ay hindi kapalit ng colonoscopy sa mga pasyenteng may mataas na panganib. Ang paggana ng Cologuard na pagsubok sa mga nasa hustong gulang na edad 45-49 taong gulang ay tinatantya batay sa malaking klinikal na pag-aaral ng mga pasyenteng 50 taong gulang at mas matanda. Nangyayari ang mga maling positibo at maling negatibo. Rx only.

Pakitingnan ang buong Mahalagang Impormasyon sa Panganib sa Cologuard.com/risk-information.

Mga Sanggunian:
1. Itzkowitz SH. Incremental advances in excremental cancer detection tests. *J Natl Cancer Inst*. 2009;101(18):1225-1227. **2.** National Cancer Institute. Cancer stat facts: Colorectal cancer. Accessed November 11, 2024. https://seer.cancer.gov/statfacts/html/colorect.html **3.** CDC. Reducing Risk for Colorectal Cancer. Accessed November 11, 2024. https://www.cdc.gov/colorectal-cancer/prevention/index.html#:~:text=The%20most%20effective%20way%20to,regularly%2C%20beginning%20at%20age%2045. Accessed January 2, 2025. **4.** Siegel RL Miller KD, Wagle NS, Jemal A. Cancer statistics, 2023. *CA Cancer J Clin*. 2023;73(1):17-48. **5.** Wolf AMD, Fontham ETH, Church TR, et al. Colorectal cancer screening for average-risk adults: 2018 guidelines update from the American Cancer Society. *CA Cancer J Clin*. 2018;68(4):250-281.

EXACT SCIENCES

cologuard® Rx only

EXACT SCIENCES CORPORATION
5505 Endeavor Lane, Madison, WI 53719
ExactSciences.com | ExactLabs.com | +1 844-870-8870

Ang Cologuard ay isang rehistradong tatak-pangkalakal ng Exact Sciences Corporation. Ang lahat ng iba pang mga tatak-pangkalakal ay mga pag-aari ng kani-kanilang mga may-ari.

© 2025 Exact Sciences Corporation. Lahat ng karapatan ay nakalaan.
M-US-CG-06514